

Safe and Fair:

Realizing women migrant workers' rights and opportunities in the ASEAN region



Salaysay ng Programa - Pilipinas



Ang *Safe and Fair: Realizing women migrant workers' rights and opportunities in the Association of Southeast Asian Nations (ASEAN) region* ay bahagi ng Spotlight Initiative to eliminate violence against women and girls, isang pandaigdigang at multi-year na inisyatiba ng European Union (EU) at United Nations (UN). Ang Safe and Fair ay magkatuwang na ipinatutupad ng International Labour Organization (ILO) at UN Women (sa pakikipagtulungan sa UNODC). Pangkalahatang layunin (goal) nito na tiyaking ligtas at patas ang migrasyong paggawa (labour migration) para sa lahat ng kababaihan sa rehiyong ASEAN. Ipinatutupad ang Safe and Fair Programme sa sampung bansa sa ASEAN kabilang ang Pilipinas. Isinusulong nito ang tatlong magkakaugnay na tema: boses at ahensiya ng kababaihan, mga pamamaraan (approaches) na nakabatay sa karapatan, at malawak na pakikilahok ng mga kasapi (stakeholders). Ang Safe and Fair Programme sa Pilipinas ay nakatuon sa Kababaihang Overseas Filipino Workers (OFWs) na land-based at sea-based, sa lahat ng yugto ng pagtatrabaho sa ibang bansa (pre-departure o bago umalis, in-transit o habang nasa biyahe, on-site o pagdating sa destinasyong bansa, return and reintegration o pagbalik sa Pilipinas). Ang proyekto ay isinasagawa sa pambansa at lokal na antas sa Pilipinas, gayundin sa mga destinasyong bansa sa ASEAN, at sa piling migration corridors sa East Asia at sa Gulf Cooperation Council (GCC). Ang Safe and Fair Programme sa Pilipinas ay pinangangasiwaan at ginagabayan ng National Project Advisory Committee (NPAC). Ito ay tripartite-plus (multi-stakeholder) body na pinamumunuan ng Overseas Workers Welfare Administration (OWWA), katuwang ang Philippine Commission on Women (PCW) bilang Vice-Chair.




Photo: UN Women/Norman Gorecho

Mga Layunin ng Programa

- Layunin** : Magawang ligtas at patas para sa lahat ng kababaihan sa rehiyon ng ASEAN ang migrasyong paggawa o pagtatrabaho sa ibang bansa.
- Mithiin 1** : Mas maprotektahan ang Kababaihang OFW ng mga gender-sensitive na polisiya at pamamahala ng migrasyong paggawa.
- Mithiin 2** : Maibsan ang bulnerabilidad ng Kababaihang OFW laban sa karahasan at trafficking, at mapakinabangan nila ang maayos at tumutugong serbisyong de-kalidad.
- Mithiin 3** : Mapaunlad ang datos, kaalaman, at pag-uugali ukol sa mga karapatan at ambag ng Kababaihang OFW

Mga katuwang sa Pilipinas: Tripartite plus constituents (government, workers, employers and social partners) at the national and local levels. Government agencies/units include: the Department of Labor and Employment (DOLE), Overseas Workers Welfare Administration (OWWA), National Reintegration Center for OFWs (NRCO), Philippine Overseas Employment Administration (POEA), Philippine Commission on Women (PCW), Commission on Filipinos Overseas (CFO), Department of Foreign Affairs (DFA), Department of the Interior & Local Government (DILG), Department of Justice (DOJ), Department of Social Welfare and Development (DSWD), National Economic Development Authority (NEDA), Commission on Human Rights (CHR), local government units (LGUs), Inter-Agency Council Against Trafficking (IACAT), Sub-Committee on International Migration & Development (SCIMD), etc. Social partners include: organizations of overseas Filipino workers (OFWs), both land- and sea-based; Filipino migrants and their families; recruiters and private sector groups; and civil society specifically migrant groups, women's groups, end-VAW and gender advocates, media, academe, etc.

Mga Katuwang sa Ibang Bansa: Mga Philippine mission sa ibang bansa (embahada, konsulado, at mga tanggapan ng Philippine Overseas Labor), ahensiya ng gobyerno, organisasyon ng mga manggagawa, samahan ng mga employer, at mga katuwang-panlipunan sa ASEAN at piling mga destinasyong bansa sa East Asia at Gulf Cooperation Council (GCC) region.

Donor: Ang European Union

Tagal ng Programa: 2018 - 2022

Target na Benepisyaryo: Kababaihang OFW (potensiyal, aktuwal, nagbabalik-bayan) at kanilang mga pamilya.

Heograpikal na Tuon: Ang Pilipinas (pambansa at lokal/ rehiyonal na mga antas), at destinasyong mga bansa ng Kababaihang OFW sa ASEAN, at piling mga sityo sa East Asia at sa GCC.



Photo: ILO/J. Aliling



Photo: UN Women/Norman Gorecho

Mga Aktibidad sa ilalim ng Programa

Mga Aktibidad/Deliverables sa ilalim ng Mithiin 1:

- ✓ Impormasyon ukol sa mga panganib, kaligtasan, at pagkamit ng mga serbisyo bago umalis;
- ✓ Protocol para sa agarang pagtugon sa pang-aabusong pangmanggagawa at mga kaso ng illegal recruitment;
- ✓ Polisiya sa pagpapadali para sa kababaihan na makamit ang migrasyong regular at semiskilled/skilled;
- ✓ Gabay sa recruitment o pagrerekluta, mga obligasyon ng ahente para tiyakin ang ligtas na pinagtatrabahuhan, kasama na ang mga sistema ng pagsusubaybay o monitoring;
- ✓ Dagdag na kakayanan ng mga tauhan sa pambansa at lokal na pamahaalan ukol sa mga panganib ng pang-aabuso at karahasan, at available na mga tugon para sa kababaihan sa buong proseso ng migrasyon;
- ✓ Dagdag na kakayanan ng lokal na pamahaalan ukol sa pagpigil at pagtugon sa mapang-abusong pagrerekluta;
- ✓ Dagdag na kakayanan ng mga employer at ahenteng nagrerekluta ukol sa gender-responsive na mga pamantayan sa gawaing pambahay (domestic work) at pagmamamupaktura (regional tool).

Mga Aktibidad/Deliverables sa ilalim ng Mithiin 2:

- ✓ Pagsuri o pagtugon sa makipot na pagpapakahulugan sa Karahasan Laban sa Kababaihan o VAW sa batas;
- ✓ Mas maunlad na koordinasyon ng mga tauhan sa pagpapadaloy ng access sa mga serbisyo sa Pilipinas at ibang bansa (protocol ng tugon sa VAW sa proseso ng migrasyon);
- ✓ Participatory prevention approaches (kasama ang feedback loop);
- ✓ Mas malakas na kakayanan ng OSSC na tumugon nang angkop sa mga biktima ng karahasan at trafficking;
- ✓ Sistema para sa paglalaan ng interpretasyon sa mga tagapagbigay-serbisyo (service provider);
- ✓ Mas maunlad na kakayanan ng front line service providers; mga kasanayan sa service referral para sa mga biktima ng karahasan at trafficking.

Mga Aktibidad/Deliverables sa ilalim ng Mithiin 3:

- ✓ Mga produktong pampananaliksik at pangkaalaman; good practices; inter-rehiyonal na mga pagpupulong, kabilang na ang suporta sa mga susing kasapi (stakeholder) at Kababaihang OFW para makadalo sa mga ito;
- ✓ Tulong teknikal; pagpapalakas ng kapasidad; pagsasanay sa paglikom ng datos at sa pagsusuri sa migrasyong paggawa, gender o kasarian, karahasan laban sa kababaihan, SDG at mga kaugnay na datos;
- ✓ Public awareness campaigns; kampanya para sa tripartite plus constituents ukol sa tamang praktika (good practices) para magpabago ng mga pag-uugali at pagkilos.

Mga Susing Output at Istratehiya

Mga Output sa ilalim ng Objective 1:

- ✓ Dagdag na kakayanan ng pamahalaang rehiyonal, pambansa, at lokal, mga social partner, mga institusyon sa karapatang pantao, mga institusyong nagsasanay o nagtuturo, at civil society o lipunan sa pangkalahatan na ipatupad ang mga gender-responsive na polisiya at serbisyo para sa Kababaihang OFW;
- ✓ Dagdag na oportunidad para sa Kababaihang OFW na mag-organisa sa rehiyonal, pambansa, at lokal na mga antas para paunlarin ang ligtas at patas na migrasyon at tugunan ang diskriminasyong batay sa kasarian;

Mga Output sa ilalim ng Mithiin 2:

- ✓ Mga pamamaraan (approaches) na batay sa mga karapatan at nakatuon sa survivor, at nakapaloob sa mga batas, polisiya, at praktika sa pagpigil (prevention) at pagtugon sa karahasan laban sa kababaihan, partikular sa Kababaihang OFW;
- ✓ Mas malakas na kakayanan ng rehiyonal, pambansa, at lokal na pamahaalan, social partners, at lipunan na ipatupad ang polisiya para sa maayos na pagbibigay ng multi-sectoral na mga serbisyo para sa Kababaihang OFW;
- ✓ Mas maunlad na kakayanan ng front-line services providers (pangkalusugan, sosyal, at katarungang kriminal) na tumugon sa mga pangangailangan ng Kababaihang OFW na nakararanas ng karahasan at trafficking.

Mga Output sa ilalim ng Mithiin 3:

- ✓ Pananaliksik, datos, at good practices ukol sa ligtas at patas na migrasyong paggawa para paunlarin ang mga polisiya at programa;
- ✓ Mga kampanyang pampubliko para baguhin ang mga pag-uugali at kagawian ukol sa Kababaihang OFW na nakatuon sa mga employer, recruiter, at gender-based duty-bearers at grupong pangkabataan; mga kampanya laban sa VAW at trafficking.



Photo: ILO/J. Aliling

Contact

Rex Varona, National Project Coordinator,
Safe and Fair Programme,
ILO Country Office for the Philippines
Tel: +632 580 9952 | e-mail: varona@ilo.org

Charisse Jordan, Programme Officer,
Safe and Fair Programme,
UN Women Philippines
Tel: +63 9178195259 | e-mail: charisse.jordan@unwomen.org

#SpotlightEndViolence #SafeandFair

